

ARALING PANLIPUNAN
BAITANG 5, YUNIT 5

Ang Sinaunang Lipunang Pilipino
TALAAN NG NILALAMAN

<i>Introduksyon</i>	3
Aralin 1: Organisasyong Panlipunan ng mga Sinaunang Pilipino	4
Layunin Natin	4
Subukan Natin	5
Alamin Natin	6
Pag-aralan Natin	6
Suriin Natin	13
Sagutin Natin	13
Pag-isipin Natin	14
Gawin Natin	14
Aralin 2: Kabuhayan ng mga Sinaunang Pilipino	15
Layunin Natin	15
Subukan Natin	16
Alamin Natin	17
Pag-aralan Natin	17
Suriin Natin	20
Sagutin Natin	21
Pag-isipin Natin	21
Gawin Natin	22
Aralin 3: Kultura ng mga Sinaunang Pilipino	23
Layunin Natin	23
Subukan Natin	24
Alamin Natin	25
Pag-aralan Natin	25
Suriin Natin	30
Sagutin Natin	32
Pag-isipin Natin	32
Gawin Natin	32

Aralin 4: Kagawiang Panlipunan ng mga Sinaunang Pilipino	34
Layunin Natin	34
Subukan Natin	35
Alamin Natin	35
Pag-aralan Natin	35
Suriin Natin	37
Sagutin Natin	38
Pag-isipin Natin	38
Gawin Natin	39
Aralin 5: Paglaganap ng Islam sa Pilipinas	40
Layunin Natin	40
Subukan Natin	41
Alamin Natin	42
Pag-aralan Natin	42
Suriin Natin	44
Sagutin Natin	44
Pag-isipin Natin	44
Gawin Natin	45
Aralin 6: Kontribusyon ng Sinaunang Kabihasan sa Pagkabuo ng Lipunan at Pagkakakilanlang Pilipino	46
Layunin Natin	46
Subukan Natin	47
Alamin Natin	48
Pag-aralan Natin	48
Suriin Natin	51
Sagutin Natin	51
Pag-isipin Natin	51
Gawin Natin	52
<i>Karagdagang Kaalaman</i>	<i>53</i>
<i>Pagyamanin Natin</i>	<i>54</i>
<i>Paglalagom</i>	<i>56</i>
<i>Dapat Tandaan</i>	<i>56</i>
<i>Dagdag Sanggunian</i>	<i>57</i>
<i>Gabay sa Pagwawasto</i>	<i>58</i>
<i>Sanggunian</i>	<i>62</i>



Pindutin ang Home button para bumalik sa Talaan ng Nilalaman

BAITANG 5 | ARALING PANLIPUNAN

YUNIT 5

Ang Sinaunang Lipunang Pilipino

Bago pa man dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas, mayroon nang mayamang kultura ang mga katutubo ng bansa. Sa katunayan, ang mga ninuno natin ay mayroon nang maunlad na komunidad na mayroon sariling paraan ng pagsusulat, paghahanapbuhay, at isang angkop na paraan ng pamamahala.

Sa yunit na ito, iyong madidiskubre kung paano namuhay ang mga sinaunang Pilipino, at kung paano nila dinisenyo ang kanilang lipunan base sa kanila kapaligiran.



Isang mandirigma ng Cagayan na inilarawan sa Boxer Codex, isang manuskrito na naglalarawan ng mga sinaunang tao sa Pilipinas mula sa ika-16 na siglo.

**Aralin 1****Organisasyong Panlipunan ng mga Sinaunang Pilipino****Layunin Natin**

Pagkatapos ng araling ito inaasahan na natatalakay mo ang mga uri ng organisasyong panlipunan ng mga sinaunang Pilipino.




*Sultan ng Sulu at kanyang mga kasamahan (kuha noong 1899).
Hanggang sa katapusan ng pananakop ng mga Kastila ay nanatiling malaya ang Sultanato ng Sulu.*

Sa kasalukuyan ay mayroon tayong pamahalaan at batas na nakabatay sa demokrasya. Anong uri naman kaya ng lipunan, pamahalaan, at batas ang mayroon ang mga sinaunang Pilipino? Kung tayo ay mayroong presidente, senado at kongreso, at korte, anong mga lupon naman kaya ang bumubuo sa pamahalaan noong unang panahon? Ating bigyan ng kasagutan ang mga ito sa aralin na ito.



Subukan Natin

Ano-anong antas sa lipunan ang makikita noong unang panahon? Isulat sa patlang ang kilalang tawag sa antas ng lipunan na inilalarawan.





Pag-aralan Natin

Ang mga sinaunang Pilipino ay may sarili nang kultura at **kasarinlan** bago pa man dumaong ang mga dayuhan sa dalampasigan nito. Kilala na ang ang mga sinaunang Pilipino sa mga ugnayang kalakalan sa mga karatig-bansa tulad ng Tsina, Indonesia, hanggang Saudi Arabia sa Gitnang Silangan o Kanlurang Asya.

Mataas na Uri ng Pamahalaan

Bago pa man dumating ang mga dayuhan sa bansang Pilipinas, ito ay may matatag na at mataas na uri ng pamahalaan. Minana ng kasalukuyan ang matibay na paninindigan sa lahat ng aspekto ng mga paniniwala, kaugalian, at mga tradisyon na batay sa iba't ibang bahagi ng bansang Pilipinas. Ang pagkakaroon ng maayos na sistema ng pamamahala ang siyang bumuhay sa bawat lipunan. Dalawa ang naitatag na uri ng pamunuan noon sa bansang ito—ang **barangay** at ang **sultanato**.

Ang Barangay

Ang salitang barangay ay nagmula sa sinaunang salita na **balanghai** o **balanghay**. Ito ang katawagan sa mga malalaking bangka ng mga sinaunang Pilipino. Marahil ay ipinangalan sa balangay ang mga sinaunang porma ng pamahalaan sapagkat ang mga barangay ay kadalasang makikita sa mga ilog o sa bibig ng ilog na dumadaloy patungo sa dagat.



Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng sumusunod na mga salita:

- kasarinlan – pagiging malaya mula sa impluwensiya ng mga dayuhan
- estado – kalagayan
- katungkulan - responsibilidad
- maalwan - madali
- naititik - naisulat
- maisatinig - mapakinggan
- piging – malaking handaan
- pribilehiyo – espesyal na pakikitungo o karapataan na ibinibigay lamang sa piling mga tao



Ang salitang barangay ay nagmula sa balangay, isang klase ng bangka na ginagamit ng mga sinaunang Pilipino upang maglayag.



Ang mga balangay ay ginagamit ng bawat pamayanan upang dalhin ang kanilang produkto sa iba't ibang lugar sa Pilipinas.

Ang isang pamayanan ay binubuo ng may humigit kumulang sa 30 hanggang 100 pamilya bawat isang barangay. Bagama't hindi pare-pareho ang estado ng bawat barangay na umaayon sa **estado** ng kanilang mga kabuhayan, ang lahat naman ay naging malaya ang pamumuhay. May paggalang ang bawat isa kahit ang iba ay may higit na kapangyarihan. Ang pakikipag-ugnayan ng bawat barangay ay laging bukas sa mga pamunuan.

Sa kasaysayan ay naisaad na ang isa sa mga sinaunang uri ng pamahalaan na sinusunod ng Pilipinas ay ang pamahalaang barangay. Subalit hindi naman lahat ng pamayanan sa buong bansa ay nasakop ng paraan ng pamahalaang ito.

Pinuno ng Barangay

Datu ang terminong ginagamit upang tukuyin ang pinuno ng bawat barangay. Depende kung nasang parte ng Pilipinas ang barangay, maari ring tawaging **Lakan** (sa katagalugan), **Apo** (hilaga at gitnang Luzon) at **Rajah** (sa mga lugar na nakikipagkalakal sa Indonesia at Malaysia). Ano man ang tawag sa kanila, kilala sila sa kasalukuyan bilang mga pinuno. Ang mga datu tuwirang nanggagaling sa pamilya ng mga **maginoo**.

Ang pagiging Datu ay isang **katungkulang** naisasalin o naipapamana sa mga panganay na anak na lalaki ng kasalukuyang datu. Bagama't may mga pangyayari rin namang nabibigyan ng pagkakatang maging datu ang isang lalaking nakagawa ng kabayanihan sa pamayanan.

Makapangyarihan ang isang datu sapagkat siya ang pangunahing gumagawa ng batas, nagsasapatupad nito, at nagbibigay parusa sa sinumang lumalabag dito. Kinakailangan siyang



Ang monumento ni Lapu-Lapu sa Mactan. Si Lapu-Lapu ay isa sa dalawang datu na namuno sa Mactan bago dumating ang mga Espanyol.



maging matapang sapagkat siya ang pangunahing mandirigma sa bawat labanan. Siya rin ang tagapangasiwa at tagapangalaga ng bawat miyembro ng buong barangay.

Ang datu ay may pulutong ng mga tagapagsilbi maging sa kanyang mga kapamilya sa bawat pangangailangan at gawain sa araw-araw. Siya rin ang nagiging punong tagapayo sa mga talakayan hinggil sa mga suliraning kinakaharap ng barangay. Sa sitwasyong mayroong alitan sa gitna ng dalawang magkaibang barangay, mayroong lupon ng mga tagapayo (binubuo ng mga matatanda at mga maaalam na miyembro) na rumeresolba sa problema. Karaniwang **maalwan** ang kabuhayan ng mga Datu sapagkat nagbabayad sa kanila ng produkto o buwis ang mga tagasaka ng kanilang mga lupain.

Salinlahing Batas ng Barangay

Ang mga batas ng barangay ay mga sari-saring mga kaugalian, tradisyon at mga paniniwala ng mga tao. Ito ay karaniwang 'di naisusulat sa mga angkop na paraan dahil sa kakulangan ng kagamitan. Madalas ay sa mga bato, mga kahoy, at mga tinapyas na kawayan lamang **naititik** ang mga ito.

Sa pagdaan ng panahon ay nadudurog na ito sa kalumaan. Dahil dito ay maraming batas ang 'di napangalagaan. Gayunpaman, ito ay mahigpit na ipinatutupad ng bawat isa na may paggalang at pagmamahal. Mula sa kwento, mga pangaral, at pag-uusap ay natatatak sa isipan at puso ang mga batas na ito hanggang sa maisalin sa sumusunod pang henerasyon.

Ang bawat bagong batas ay ipinakakalat sa buong barangay sa pamamagitan ng mga **umalohokan**. Ito ang mga taong tagahatid-balita sa lahat ng nasasakupan. Bukod sa pag-anunsyo ng mga mahahalagang pangyayari sa barangay, ang umalohokan rin ang nagpapaliwanag sa mga mamamayan ng mga bagong batas na sumasaklaw sa araw-araw na suliranin ng barangay at ng mga taong namumuhay dito.



Ang umalohokan ang nagdadala ng balita sa buong barangay.



Paglilitis sa Barangay

Bagama't walang pormal na lugar para sa mga ginagawang paglilitis sa mga barangay, mayroon namang maliwanag na pamamaraan ito. Ang buong proseso ay nilalahukan ng buong barangay upang **maisatinig** ang bawat hinaing at marinig ng panig ang lahat ng sangkot. Tulad ng modernong pamamaraan, ang mga nasasakdal ay nanunumpa na pawang katotohanan lamang ang sasabihin.

Ang mga pangunahing krimen na madalas litisin ay ang pagnanakaw, pagkamkam sa hindi pag-aari, paninirang-puri, pagpatay, hindi pagkilala sa batas, paninira sa pag-aari ng iba, kawalang-galang sa pamahalaan, at maging ang paggamit ng itim na karunungan laban sa ibang miyembro ng barangay. Ang parusa sa mga nagkasala ay tumutumbas sa mga naging kasalanan. Kakaiba ang pamamaraan nila ng paglilitis. Halimbawa dito ay pagpapalubog ng mga nililitis sa tubig, kung sino ang unang umahon ay pinaniniwalaan nilang siyang nagkasala.

Pagkakapatiran ng mga Pinuno ng mga Barangay

Ang mga barangay noong unang panahon ay may malalim na ugnayan isa't isa. Ito ang nagpapatatag sa kapayapaan at naguudyok ng pagkakaisa. Ito rin ang nagiging tulay para maiwasan ang digmaan sa pagitan ng mga barangay. Nagtatakda ng isang masaganang **piging** na nilalahukan ng bawat pamunuan ng mga barangay. Dito nagkakakilalan ang datu at kanyang pamilya. Bago ang masaganang kainan at inuman ay nagdadaos sila ng isang seremonya na may **sanduguan**, na kung saan ang mga Datu ay naghihiwa ng mga pulsuhan, Pinatutulo ang kanilang pinagsanib na mga dugo sa isang kopita ng alak at isa-isa nilang iniinom ang mga ito. Ang sagisag ng pagkakaugnay ng kanilang mga dugo ay tinatawag na **kasi-kasi** kung saan sumusumpa ang mga datu ng pagkakaisa at ugnayan. Susundan nila ang



Datu Ali ng Sultanato ng Maguindanao na lumaban sa pananakop ng mga Amerikano

(Larawan ni Robert Fulton mula sa *Moroland: The History of Uncle Sam and the Moros 1899-1920*)



pagdiriwang ng mga katutubong sayaw, pagkain, at inumin tanda ng matagumpay na selebrasyon.

Ang Sistemang Sultanato

Ang pamahalaang **sultanato** ay umiral sa Mindanao. Sinasabing sinimulan ni Sharif ul-Hashim noong 1450 ang sultanato sa Sulu matapos makapangasawa dito.

Ang sultanato ay sistema ng pamamahala kung saan ang pinuno ay sumasakop sa mas malawak na teritoryo kaysa sa barangay. Ito ay pinamumunuan ng isang **sultan**.

Ang sultan ay may tagapayo rin, ito ay mga piling datu na bumubuo sa kagawad ng lupon. Kasabay sa pagtanggap ng sistemang Sultanato ay ang pagtanggap sa kultura at tradisyon ng **relihiyong Islam**. Ginamit na gabay ng pamahalaang ito ang **Sharia** (*Qur'anic Law*) at ang **adat** (*customary law*).

Mula sa Sulu lumaganap ang Islam sa Mindanao noong 1478 hanggang sa Cotabato at Lanao na kung saan matatagpuan ang pamayanang Muslim ng mga Maguindanaoan at Maranao. Lumaganap din ang Islam sa Visayas at Luzon at umabot maging sa Maynila. Ang paglaganap nito ay nahinto sa pagdating ng mga Espanyol.

Antas ng mga Tao sa Lipunan

Nahahati sa tatlong pangkat ang uri ng lipunan ng mga Tagalog at Bisaya: ang maharlika, timawa, at alipin.

Maharlika ang pinakamataas na antas ng lipunan noon na kinabibilangan ng mga datu, raha, sultan at lakan. Kasama rin dito ang kanilang mga pamilya at kamag-anakan. Sila ay mayayaman at makapangyarihan kaya may mataas na paggalang ng mga tao. Mayroon silang **pribilehiyo** at karapatan na wala sa ibang antas. Halimbawa dito ay ang pagtanggap ng mga buwis mula sa karaniwang mamamayan. Dahil wala pang salapi noon kaya ang buwis ay karaniwang mga produkto, mga hayop, o iba pang mahalagang gamit.



Mga Maharlikang Tagalog mula sa *Boxer Codex*



Ginaganap ang mahahalagang okasyon gaya ng kasalan ng mga Maharlika sa tahanan ng mga Datu, at tanging mga kapwa nila mga Maharlika ang may karapatang dumalo dito. Ang mga alipin ng mga Maharlika ang pagtatanim sa kanilang mga lupain at nagsisilbi sa iba't ibang pangangailangan ng pamilya nito. Ang pagiging Maharlika ay isang malaking karangalan.

Tinatawag na **Timawa** o **Malaya** ang ikalawang antas ng mga tao sa lipunan noong unang panahon. Kabilang sa antas na mga ito ang mga mandirigma, mga mangangalakal, at mga karaniwang mga mamamayan. Ang mga Timawa ay maaari ding makisalamuha sa mga Maharlika at maaari ring magtamasa ng sariling mga lupa, mga bahay, ari-arian, sariling mga alipin ngunit ang mga ito ay ipinagkakaloob lamang sa kanila ng datu. Ang antas sa lipunan ng mga timawa ay namamana ng mga anak, ngunit ang kayaman at ari-arian ay hindi.



Mga Timawa mula sa *Boxer Codex*



Mga Alipin mula sa *Boxer Codex*

Alipin ang pinakamababang uri ng tao noon sa lipunang Pilipino. Dalawa ang kanilang uri. Ang **aliping namamahay** ay ang mga taong maaaring magkaroon ng sariling tahanan subalit hindi ng lupang kinatitirikan. Sila ay hindi maaaring ipagbili ng kanilang mga panginoon at maaari rin silang pumili ng mapapangasawa. Samantala, ang **aliping saguigilid** naman ang mga taong walang anumang tinatamang karapatan. Hindi siya maaaring mag-asawa kung walang pahintulot ang panginoon niya.

Maari din siyang ipagbili o ipagpalit sa iba. Ibinibigay sa kanila ang pinakamabigat na gawain dahil kasama nila sa tirahan ang kanilang panginoon.



Maaring maging alipin ang isang tao kung ito ay mga hindi nakapagbayad ng mga utang, bihag ng digmaan, naparusahan sa kaniyang kasalanan. Ang pagiging alipin ay naipapasa rin sa pamilya. Maaring maging timawa ang isang alipin kung siya ay kusang pinalaya ng kanyang panginoon, nakabayad na, o may kagitingang nagawa sa digmaan.

Hindi sigurado ang antas ng mga tao sa lipunan noon. Maaring maging alipin ang isang datu o maharlika kung siya ay mabihag sa digmaan, gayungin ang mga timawa.

Mga Sinaunang Kababaihang Pilipino

Magkapareho ang karapatan ng mga kalalakihan at kababaihang Pilipino noong sinaunang panahon. Maari silang magkaroon ng mana at ari-arian. Maari rin silang makipagkalakalan. Kapag ang isang Datu ay namatay na walang anak na lalaki, maaring humalili sa kaniya ang panganay na anak na babae. Sila ay kaagapay ng mga lalaki sa tahanan at maging sa pamamalakad ng pamayanan. Maari rin silang gumanap bilang pari sa gawaing pangrehilyon. **Babaylan** ang tawag sa babaing pari sa Kabisayaan at **Katalonan** naman sa Katagalugan.

Pantay ang pagtingin sa mga babae at lalaki noon sa lipunan. Maaari silang sumabay sa paglakad at hindi sila kailanman itinuring na alipin na may mabibigat na gawain sa tahanan.



Larawan ng isang babae sa Cagayan mula sa *Boxer Codex*



Suriin Natin

Bilugan ang wastong sagot sa loob ng panaklong.

1. Ang barangay ay hango sa salitang (balanghai, balay, balanay).
2. (Bukas, Hindi bukas) ang mga pinuno sa pakikipag-ugnayan sa bawat barangay.
3. Mayroong mga piling (rajah, datu, maharlika) na nagbibigay ng payo sa mga sultan.
4. Ang (buong proseso, pagpaparusa, pagsasanay) sa paglilitis ay nilalahukan ng barangay.
5. Naniniwala ang mga sinaunang Pilipino sa (pagkakapantay-pantay, katotohanan, kalikasan) kaya naging bahagi ito sa kanilang proseso ng paglilitis.
6. Ginamit ng sistemang sultanato ang (Shadiya, Shari'a, Sha'iy) bilang gabay sa pamamahala.
7. Ang seremonya ng sanduguan o kasi ay nagpapatunay ng (pagkakaisa at ugnayan, giyera at labanan).
8. Kapag ang Datu ay namatay na walang anak na lalaki, maaring humalili ang kanyang (kapatid na lalaki, anak na babae, pamangking lalaki) bilang pinuno.
9. Sa ibang bahagi ng Pilipinas gumaganap na pari ang mga kababaihan. Ang tawag sa kanila sa Visayas ay (katalonan, babaylan, babayin-an).
10. Maaring maging (alipin, sultan, maharlika) ang isang datu kung siya ay naging bihag sa digmaan.



Sagutin Natin

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang sistemang barangay?
2. Ano ang sistemang sultanato?
3. Ano ang iba't ibang antas ng katayuan sa sinaunang lipunan sa Pilipinas?



Pag-isipan Natin

Ano ang pinagkaiba sa pagtingin at karapatan ng mga sinaunang kababaihang Pilipino sa mga Pilipina sa lipunan natin ngayon?



Gawin Natin

Maghanap ng kapares at gumawa ng isang maikling kwento na may kasamang mga ilustrasyon na nagpapakita ng isang araw sa buhay ng isang alipin saguigilid. Mahalaga na maisama as kuwento ang iba't ibang antas ng mga tao sa lipunan at ang pagkakapatiran ng mga pinuno ng mga barangay.

Gamitin ang sumusunod na rubrik bilang gabay:

Pamantayan	[25%] Mas Mababa kaysa Inaasahan	[50%] Kailangan pa ng Pagsasanay	[75%] Magaling	[100%] Napakahusay	Marka
Paglalahad ng impormasyon	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay hindi tama	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay tama	Halos lahat ng impormasyong inilahad ay tama	Tama ang mga impormasyong inilahad	
Kasanayan/Husay	Walang kahasayan sa pagguhit o paglikha ng likhang sining	Nagpapakita ng pagnanais na mapaghusay ang kanyang paggawa ng likhang sining	May angking husay sa paggawa; kailangan pa ng kaunting pagsasanay	Nagpapakita ng husay at galing sa paggawa; may sapat na kaalaman o pagsasanay	
Panahon ng Paggawa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa loob ng dalawang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa loob ng isang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining bago pa ang itinakdang petsa ng pagpapasa	
KABUUAN					



Aralin 2

Kabuhayan ng mga Sinaunang Pilipino



Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito inaasahan na naipaliliwanag mo ang kabuhayan ng mga sinaunang Pilipino.



Ang piloncito o gintong salapi (kanan) na ginagamit noong sinaunang panahon at ang makabagong piso (kaliwa)

(kuha nina JournalmanManila at Kadayawan mula sa Wikimedia Commons)

Sa kasalukuyang panahon ay may iba't ibang paraan ang mga Pilipino upang kumita at maghanapbuhay. May mga nagtatrabaho at naghahanapbuhay sa opisina, sa sakahan, sa paaralan, sa palengke, at iba pa. Tayo ay nakabibili ng mga pagkain at iba pang pangangailangan sa buhay sa pamamagitan ng pera, *credit card*, at *ATM card*.


Sa araling ito, bumalik tayo sa panahon ng mga sinaunang Pilipino. Paano kaya sila naghanapbuhay? Paano kaya nila nakukuha ang kanilang mga pangangailangan sa pangaraw-araw?




Subukan Natin

Hanguin sa dalawang listahan ang kagamitan at produktong galing sa mga sinaunang Pilipino at mga kagamitan at produktong dala ng mga dayuhan mula sa pangangalakal.

Sinaunang Pilipino



Mga Dayuhan





Pag-aralan Natin

Pagsasaka o **agrikultura** ang unang pinagkakitaan ng mga sinaunang Pilipino. Nakilala ang bansa sa mga produktong palay, niyog, tubo, saging, at abaka. Nalinang din nila ang pagtanim ng mga prutas at mga gulay. May dalawang sistemang ginamit ang mga ito—pagkakaingin at paglilinang.

Ang **pagkakaingin** ay ang pagsusunog ng mga halaman upang kanilang malinis at mataniman ng panibago. Samantala ang **paglilinang** ay ang pagbubungkal ng mga lupain sa pamamagitan ng **suyod** at araro katulong ang kalabaw para ito ay mataniman. Sa mga paraang ito ng agrikultura ito natutuhan ng mga katutubo ang sistema ng **patubig** o **irigasyon**, lalo na sa matataas na lugar na hindi karaniwang nadadaluyan ng tubig. Gumagawa sila ng mga kanal na dadaluyan ng tubig mula sa mga ilog.

Marami ring sinaunang Pilipino ang nabuhay sa **pangangaso** dahil na rin sa ating mayamang kagubatan. Gamit nila panghuhuli sa maiilap na hayop tulad baboy ramo, usa ang kanilang mga **pana**, **punyal**, at **sibat**.


Sa **pagmimina** naman nabuhay ang mga nasa paanan ng kabundukan. **Tanso** ang naging pambuo ng mga kasangkapang panluto at **ginto** naman sa mga alahas.



Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng sumusunod na mga salita:

- **suyod** – isang kagamitang pangsaka na gumagawa ng hilera na puwedeng pagtaniman ng mga halaman.
- **naiambag** - naibigay
- **sutla** – tela na gawa sa hibla ng *silkworm*; *silk* sa Ingles
- **alpombra** – makapal at mabigat na tela na ginagamit na pangtakip sa sahig; *carpet* sa Ingles
- **katad** – balat ng hayop na dumaan sa isang proseso upang magamit bilang damit o sapatos; *leather* sa Ingles
- **punyal** – isang sandata na ginagamit panaksak



Mga pana at sibat na ginagamit ng katutubong Pilipino sa pangangaso at pangingsda.



Nakilala rin ang mga sinaunang Pilipino sa paggawa ng napakasarap na alak na **tuba** at **lambanog** mula sa niyog, **basi** mula sa tubo, at **pangasi** at **tapuy** naman mula sa bigas.

Marami ding Pilipino ang pinili ang pangingsda at paninisd lalo na ang mga tao na malapit sa karagatan. Gamit nila sa panghuhuli ng yamang dagat ang sumusunod: **bingwit**, **pamansing**, **pana**, **sibat**, **salakab**, **salambaw**, at **baklad**. Nakilala rin ang bansa sa primera klaseng mga **perlas** at **korales**.

Kilalang mandaragat ang mga sinaunang Pilipino. Sa paggawa ng sasakyang pantubig ay nagkaroon sila ng kakayahan sa pakikipagkalakalan at pakikidigma. Ilan sa mga sasakyang pandagat na nalikha nila mula sa mga puno ng narra at acacia ay ang **karakoa**, **vinta**, **prey**, **topaque**, **lapis**, at **birey**.

Ang pagmamay-ari ng mga lupain ng mga sinaunang Pilipino ay hindi naging patas sa lahat. **Pribado** ang mga matataba at mayayamang lupa na pagmamay-ari ng mga maharlika samantalang **pampubliko** o **panglahat** naman ang mga lupang mahirap pagtaniman at malapit sa kabundukan na pagmamay-ari ng buong barangay.

Ugnayan at Kalakalan ng mga Sinaunang Pilipino

Sa dami ng likas na yaman ng Pilipinas ay naging masigla ang kalakalan ng kapwa Pilipino sa sariling bansa. Ito ang dahilan kung kaya naakit na makipag-ugnayan ang mga kalapit bansa ng Asya. Sa pagpapalitan ng mga produkto sa tatlong kapuluan ng Luzon, Bisayas at Mindanao, naging maunlad ang bansa. Isa sa mga pangunahing paraan ng pangangalakal ay ang palitan ng produkto sa produkto, ani sa ani. Ang mga alagang hayop, at maging ang mga aliping saguiguilid ang maaring ipambayad.



Makikita sa kanang bahagi ng larawan ang tapayan na may lamang tapuy. Ang tapuy at iba pang pagkain at kasangkapan sa larawan na ito ay ginamit para isang ritwal ng mga Ifugao na tinawag na "dawat di bagol."

(larawan ni Shubert Ciencia mula sa Wikimedia Commons)



Ilan sa mga piloncitong naka eksibit sa *Manila Mint Museum*. Pansinin ang pagkakaiba ng laki ng mga piloncito at ang nakaukit na Baybayin, ang sinaunang paraan ng pagsusulat.

Tinawag na **barter** ang sistema ng kalakalan na ito. Minsan ay gumagamit din ang mga sinaunang Pilipino ng mga maliliit na piraso ng ginto na tinatawag na **piloncito**. Nakahukay ang mga piloncito sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas katulad ng Batangas, Samar, at Mindanao. Natagpuan din ito sa ibang bahagi ng Indonesia na nagpapahiwatig na ang pagpapalitan ng salapi at produkto sa pagitan ng dalawang bansa ay naganap noong unang panahon.

Kalakalan ng mga Sinaunang Pilipino sa mga Dayuhan

Dahil sa pakikipagkalakan ng mga sinauna sa mga dayuhan, marami sa kanila ay nakapag-asawa ng mga mangangalakal na dayuhan at naging dahilan ng pagkakahalo ng kultura ng mga dayuhan at Pilipino. Sa pagitan ng ugnayang Pilipino at mga taga timog Annam sa Vietnam, nabuo ang kalakalang Orang Dampuan-Pilipino sa Sulu sa mga taong 90 at 1,200 AD. Natapos lamang ang ugnayang ito nang makagalit nila ang mga Buranon. Noong ika-10 siglo BCE ay mayroon ng kalakalang Tsino-Pilipino sa ilalim ng T'ang Dynasty.



Nahukay na porselanang garapon mula sa Tsina

(Auckland Museum mula sa Wikimedia Commons)



Pinatunayan ito ng mga nahukay na mga labi at mga gamit nila sa bansa.

Marami ang **naiambag** ng ugnayang ito sa mga sinaunang Pilipino. Sila ang nagdala sa bansa ng mga **sutlang** tela, mga kagamitang porselana, at mga salamin. Kapalit nito ang likas na yaman ng mga katutubo tulad ng mga prutas, perlas, at iba pang produkto.

Ang kalakalang Arabo-Pilipino ang nagdala ng relihiyong Islam at ang nagtayo ng pamahalaang Sultanato sa Pilipinas. Malakas ang naging epekto nito sa dakong Mindanao. Ika-9 siglo ng magdala sila dito ng mga **alpombra**, telang lana, muslin, linen, mga mamahaling bato, at kagamitang yari sa metal.

Ang ugnayang Indo-Pilipino naman ay walang tuwirang pinagmulan kundi ang ugnayang Indonesia at Pilipinas. Dito naimpluwensiyahan ng Hindu ang mga katutubo. Maraming salitang **Sanskrit** ang hanggang sa kasalukuyan ay ginagamit pa rin ng mga Pilipino. Ang ilang sa mga salitang mula sa Sanskrit ay ang wika, sampalataya, halaga, diwata, at tala. Ang pagsusulat, pananamit ng kasuotang sarong, at putong ay sa kanila din nagmula. Maraming paniniwala, pamahiin, pananampalataya, at mga alamat ang nagmula sa ugnayang ito.

Noong ika-12 siglo sinasabing unang nakarating sa arkipelago ang mga Hapones. Dito na nagsimula ang ugnayang Hapones-Pilipino kung saan natuto ang mga Pilipino kung paano nagpaparami ng mga bibe at nagbibinhi ng mga isda. Sa kanila natutunan ng mga Pilipino ang paggawa ng mga sandata at ang pagkukulay ng mga **katad** o balat ng mga hayop.



Suriin Natin

Isulat sa patlang kung TAMA o MALI ang bawat pangungusap.

- _____ 1. Ang dalawang sistemang ginagamit sa pagsasaka ay pagkakaingin at paglilinang.
- _____ 2. Naimpluwensiyahan ng mga Pranses ang mga katutubong Pilipino sa pagsusulat, pananamit, at kasuotang sarong at putong.
- _____ 3. Dahil sa pakikipag-ugnayan sa mga Arabo, lumaganap ang relihiyong Islam sa Pilipinas.



- _____ 4. Sa sistema ng patubig, naglalagay ng mga tansong tubo ang mga sinaunang Pilipino para dumaloy ang tubig mula sa ilog patungo sa sakahan.
- _____ 5. Sa pagkakaingin, ginagawang malago at mayabong ang mga puno upang ito ay mapagtaniman.
- _____ 6. Kahit na arkipelago ang Pilipinas, nagpapalitan pa rin ng mga produktong ang sinaunang Pilipino sa tatlong kapuluan ng Luzon, Visayas, at Mindanao.
- _____ 7. Nangyari ang ugnayan sa pagitan ng mga sinaunang Pilipino at mga Tsino sa ilalim ng T'ang Dynasty bago pa isinilang si Hesukristo.
- _____ 8. Isang mahalagang pangkabuhayan ng mga Pilipino ay ang pangingisda at paninisid lalo na ang mga malapit sa karagatan.
- _____ 9. Nakakabuo ang mga Pilipino nga mga sasakyang pantubig mula sa mga puno ng narra at acacia katulad ng karakoa, vinta, at prey.
- _____ 10. Walang sinaunang Pilipino ang marunong mangaso sa kagubatan.



Sagutin Natin

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang pangunahing kabuhayan ng mga sinaunang Pilipino?
2. Ano ang sistemang barter?
3. Sa ano-anong bansa nakipagkalakalan ng mga sinaunang Pilipino?



Pag-isipan Natin

Paano umangkop ang mga sinaunang Pilipino sa kanilang kapaligiran sa batay sa kanilang mga kabuhayan?



Gawin Natin

Mula sa mga natalakay sa ariling ito, pumili ng isang senaryo na nagpapakita ng kabuhayan ng mga sinaunang Pilipino. Ilarawan at iguhit ito sa malikhaing paraan. Maaring pumili ng iba't ibang *medium* tulad ng *water color*, *digital art*, at *collage* mula sa mga pahayagan.

Gamitin ang sumusunod na rubrik bilang gabay:

Pamantayan	[25%] Mas Mababa kaysa Inaasahan	[50%] Kailangan pa ng Pagsasanay	[75%] Magaling	[100%] Napakahusay	Marka
Paglalahad ng impormasyon	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay hindi tama	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay tama	Halos lahat ng impormasyong inilahad ay tama	Tama ang mga impormasyong inilahad	
Kasanayan/Husay	Walang kahusayan sa pagguhit o paglikha ng likhang sining	Nagpapakita ng pagnanais na mapaghusay ang kanyang paggawa ng likhang sining	May angking husay sa paggawa; kailangan pa ng kaunting pagsasanay	Nagpapakita ng husay at galing sa paggawa; may sapat na kaalaman o pagsasanay	
Panahon ng Paggawa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa loob ng dalawang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa loob ng isang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining bago pa ang itinakdang petsa ng pagpapasa	
KABUUAN					



Aralin 3

Kultura ng mga Sinaunang Pilipino



Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito inaasahan na naipaliliwanag mo ang kultura ng mga sinaunang Pilipino.

Mayaman ang sinaunang Pilipinas sa sining at kultura. Sa katunayan ay makikita ang kanilang mga paniniwala at pananaw sa kanilang sining. Isang magandang halimbawa nito ang **bulul** ng mga Ifugao. Ang mga bulul ay nagbantay sa mga naaning palay mula sa pagkasira at mga magnanakaw. Nakikita sa bulul ang pagiging malikhain ng mga sinaunang Pilipino at ang kanilang paniniwala sa mga espiritong nagbibigay gabay at proteksiyon sa pang-araw-araw na buhay.



Ang Bulul, simbolo ng kasaganaan at pagyabong

Sa ano-anong paraan pa kaya naipapakita ng mga sinaunang Pilipino ang kanilang mga paniniwala at kagalingan sa sining? Malalaman natin ito sa susunod na aralin.



? Subukan Natin

Ano-anong mga instrumento, kagamitan, at sining ng mga sinaunang Pilipino ang nasa larawan? Isulat ang pangalan ng tamang sagot sa patlang.



1. _____



2. _____



3. _____



4. _____



Pag-aralan Natin

Kakaunti ang mga tala tungkol sa kultura ng mga sinaunang Pilipino. Gayunpaman, hindi maitatangi na maunlad ang kanilang kultura, paniniwala, at mga tradisyon.

Paniniwala ng mga Sinaunang Pilipino

Ang mga sinaunang Pilipino ay sumasamba sa kinikilalang pinakamataas na Diyos na si **Batala** o **Bathala**. Pinaniniwalaan nila na si Batala ang gumawa ng buong daigdig at mga tao. Iba-iba ang katawagan kay Bathala ayon sa lugar. Tinatawag din siyang si **Kabunian** (o Kabunyan) ng mga Igorot at Ilokano, **Lauon** o **Abba** ng mga Bisaya, **Gugurang** ng mga Bikolano, at **Akasi** ng mga Zambal.



Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng sumusunod na mga salita:

- *sagrado* – mahalaga at dapat bigyan ng galang
- *tapayan* – lalagyan na gawa sa luad
- *mummy* – labi o katawang pinatuyo upang mapigilan ang tuluyang pagkabulok
- *pawid* – *palm tree* sa Ingles
- *batalan* – ay bahagi ng kubo kung saan ginagawa ang paghuhugas, pagluluto, o paliligo



Mga dibuhong kumakatawan sa mga anito

Para sa mga katutubo ng Pilipinas, ang daigdig ay **sagrado** at nagtataglay ng mga elemento na dapat igalang. Isa sa mga elementong ito ay ang **anito**. Karaniwang humihingi ng pahintulot ang mga tao sa mga anito kapag nagtatanim, naglalakbay, o nagpapagawa ng bahay. **Paganismo** (o animism) ang tawag sa ganitong paniniwala.



May mga diyos ang mga sinaunang Pilipino para sa iba't ibang pagkakataon. Si **Mandarangan** ang diyos ng digmaan, si **Agni** ang diyos ng apoy, si **Magwayen** ang diyos sa kabilang buhay, at **Sidapa** ang diyos ng kamatayan.

Mga Kasiyahan at Tradisyon ng mga Sinaunang Pilipino

Musika at sayaw ang pangunahing pinaglilibangan ng mga sinaunang Pilipino. Mayaman ang Pilipinas sa mga unang instrumento ng musika gaya ng **kudyapi**, **gangsa**, **alpa** na yari sa kawayan, **biyolin** na yari sa kawayan at abakang kuwerdas, **kulintang**, **bansik**, at **kalaleng**.

Mayroon ding mga katutubong sayaw na sadyang sa Pilipinas lamang makikita: ang balitaw, kuntang, subli, dandansoy, maglalatik, itik-itik, singkil, at ang tinikling.



Ang Kulintang
(kuha ni Phillip Dominguez Mercurio)



Kabilang ang tinikling sa mga katutubong sayaw sa Pilipinas

Sa aspekto ng paglilibing, may iba't ibang sinaunang pamamaraan at paniniwala. Karaniwang ginagawa matapos mapatuyo ang laman ng yumao ay inilalagay sa **tapayan** pagkatapos ay ipinapaanod ito sa dagat.



May paggalang din at mapamaraan sa mga namayapa ang mga sinaunang Pilipino. Karaniwang pinapatuyo ang labi ng yumao at inilalagay sa **isang tapayan** o **gusi**. Ang mga takip ng tapayan o gusi ay sumasagisag sa katayuan ng namatay sa lipunan. Ang ilang lipunan ay ipinapaanod ang mga labi sa dagat.

Puti ang kulay ng pagluluksa at may akmang tawag sa mga paraan nito: **Larao** kapag datu ang namatay, **morotal** kapag babae, at **maglahi** kapag lalaki.

Sa mga katutubo natagpuan ang mga unang **mummy** o pagpapanatili ng bangkay mula sa mga bulubunduking Kahilagaan.

Kalinangan ng Mga Sinaunang

Pilipino: Iba't Ibang Uri at Anyo ng Sining at Arkitektura

Mayaman ang mga sinaunang Pilipino sa larangan ng sining at panitikan. Likas na malikhain at romantiko sa pagsusulat at talento ang mga ito. Sa katunayan, marami sa mga magagandang awitin, mga tula, alamat, kuwentong bayan, salawikain, at bugtong ay naipasaya sa mga henerasyon ngayon.

Umaayon sa bawat pangyayari at pagdiriwang ang kanilang likhang awit. May awit na **diona** para sa kasal, may awit **talindaw** kapag namamangka, awit **oyayi** kapag nagpapatulog ng bata, at awit **tigpasin** sa pag-aani. Kapag malungkot naman at may namatay, inaawit naman ang **tagulalay** o **umbaya**. **Kundiman** ang awit sa pag-ibig, **kumintang** ang awit sa pakikidigma, habang **dopayanin** at **hilaraw** naman sa paglalakad sa lansangan.

Bugtong ang libangan sa mga salo-salo. Isa itong palaisipan na kung kailangang tukuyin ng mga kalahok kung ano ang sa pamamagitan ng ilang bersong palatandaan. Ang mga kuwentong pinagmulan naman ng isang bagay o lugar ay tinatawag na **alamat**. **Dulaan** naman ang madalas na itinatanghal sa tahanan ng mga maharlika.



Ang tapayan ng Manunggul ay naglalaman ng labi ng yumao. Makikita sa takip nito ang pigura ng dalawang tao sa isang bangka.



Marami ring epikong kuwento sa mga kabayanihan ng mga sinaunang Pilipino gaya ng **Hudhud** at **Alim** ng Ifugao, **Biag ni Lam-ang** ng mga Ilokano, **Ibalon** ng mga Bikolano, **Hinilawod** ng mga taga Panay, **Bantugan** ng mga Maranaw, at **Indarapatra** at **Sulayman** ng mga taga Maguinadanao. Sa pag-ukit naman ay nakilala ang mga sinaunang Pilipino sa sining ng **okir-a-datu** o **okir**. Halimbawa nito ang sikat na **sarimanok** ng mga Muslim.



Ang sarimanok ay naging simbolo na ng sining Maranao. Ito ay isang ibon sa mga alamat. Ang pangalang sarimanok ay mula sa mga salitang “sari” na nangangahulugang damit at “manok”, ang hayop na nangingitlog.

Ang pagpinta sa katawan o **tattoo** ay isa ring sining ng mga sinaunang Pilipino.

Sa katunayan, tinawag ng mga Kastila ang mga Pilipino mula sa Bisayas na **pintados** dahil puno ng pinta ang kanilang mga katawan. Sa hilaga ng Pilipinas, kilala naman ang **butbut** bilang isang pamamaraan ng pagtatattoo ng katawan gamit ang mga uling.



Sinaunang Tahanan at Pamayanan

Sa Pilipinas na isang arkipelago, ang mga sinaunang mga tao ay karaniwang nanirahan sa mga lugar na malapit sa katubigan gaya ng mga ilog, at mga baybayin ng karagatan. May mga nanirahan din sa kapatagan at kalupaan dahil sa pagtanim ang kanilang naging kabuhayan. **Kaingin** ang pagsusunog ng mga halaman sa isang lugar para maging malinis ang pagtaniman. **Nomad** naman ang tawag sa mga taong ayaw manatili sa isang lugar para mamuhay.

Malikhain ang mga naunang Pilipino hinggil sa kanilang mga tahanan. May mga disenyo ang mga **bahay-kubo** na yari sa **pawid** at kawayan na binubuo ng **batalan**, paliguan, kusina, at silong.



Narito ang ilan sa mga tradisyunal na yari ng bahay sa Pilipinas:

	Deskripsiyon	Lugar kung saan matatagpuan
 <p>Ang Bahay Kubo</p>	<p>Ang bahay kubo ay gawa sa isang uri ng kawayan na tinatawag na nipa. Ito ang pinakakaraniwang yari ng mga tahana ng mga sinaunang Pilipino. Ginagamit pa rin ang bahay kubo hanggang ngayon.</p>	<p>Sa lahat ng parte ng Pilipinas, bagamat nagiiba-iba ang disenyo at laki depende kung nasaang parte ng bansa ito nakatayo.</p>
 <p>Tradisyunal na Bahay sa Ifugao</p>	<p>Ang mga bahay sa Ifugao ay tinatawag na Bale dahil hindi ito ginagamitan ng pako. Dahil hindi ito nangangailangan ng pako, madali lamang itong kalasin at ilipat sa ibang lugar. Gawa rin ito sa mga matitigas na kahoy at pawid.</p>	<p>Ifugao. Ganito rin ang yari ng ibang bahay sa Cordillera, nagiibaba-iba lang sila ng disenyo.</p>
 <p>Tradisyunal na Bahay ng Tausug</p>	<p>Tulad ng ibang bahay sa Pilipinas, ang bahay ng mga Tausug ay gawa sa kawayan. Di tulad ng iba, ang bahay na ito ay kadalasang nakatayo sa paligid ng lawa. Ang paanan ng bahay ay isang mataas na tayakad o <i>stilt</i>.</p>	<p>Iba't ibang parte ng Mindanao</p>



Suriin Natin

Bilugan ang titik ng tamang salita o mga salita na kukumpleto sa bawat pangungusap.

1. Ang _____ ay epiko na galing sa Bikol.
 - a. Ibalon
 - b. Bantugan
 - c. Hinilawod
 - d. Hudhud at Alim
2. Kadalasang nilalagay ng mga sinaunang Pilipino ang kanilang yumao sa _____.
 - a. batalan
 - b. tapayan
 - c. kabaong
 - d. hinabing tela
3. Pinaniniwalan ng mga sinaunang Pilipino na si _____ ang gumawa ng buong daigdig at mga tao.
 - a. Batala
 - b. Nagmalitong Yawa
 - c. Agni
 - d. Magyawen
4. Ang takip ng gusi sa paglilibing ay sumasagisag sa _____.
 - a. katayuan ng namatay sa lipunan
 - b. edad ng namatay
 - c. kasarian ng namatay
 - d. dahilan ng pagkamatay



5. Ang pagkakaroon ng iba't ibang awit ay tanda ng _____.
 - a. pagiging mapili ng mga sinaunang Pilipino sa musika
 - b. pagkamasayahin ng mga sinaunang Pilipino
 - c. pag-aayon ng awit ng mga sinaunang Pilipino sa bawat pangyayari
 - d. pagkahilig ng mga Pilipino sa pagsasama-sama sa mga pagdiriwang

6. Patunay ang pagkakaroon ng iba't ibang epiko sa pagiging _____ ng mga sinaunang Pilipino.
 - a. malikhain sa sining at panitikan
 - b. mahilig sa kwento
 - c. mapagpangalaga sa tradisyon
 - d. matagumpay sa pagsusulat

7. Maraming diyos ang mga sinaunang Pilipino dahil sila ay _____.
 - a. sadyang madasalin
 - b. may mga diyos sa iba't ibang pagkakataon
 - c. mahilig magsamba
 - d. may iba't ibang relihiyon

8. Marami sa mga sinaunang mga tao ang nakatira sa lugar na _____.
 - a. malapit sa katubigan
 - b. sagana sa likas na yaman
 - c. maraming isda at hayop
 - d. maraming tao.

9. Ang pagkakaroon ng iba't ibang pamahin at ritwal sa paglilibing ay tanda ng _____.
 - a. paniniwala sa pagiging tiyak ng kamatayan
 - b. paggalang at pagbibigay halaga sa yumao
 - c. kagustuhang mabuhay ulit ang mahal sa buhay
 - d. paniniwala sa iisang diyos.



10. Naniniwala ang mga sinaunang Pilipino na ang kapaligiran ay _____.
- kailangang sambahin
 - dapat gamitin as sining at panitikan
 - kayang supilin gamit ang pagdadasal
 - mayroon taglay na elementong dapat igalang



Sagutin Natin

Sagutin ang sumusunod na tanong:

- Ano ang pinaniniwalaang relihiyon ng mga sinaunang Pilipino?
- Paano binibigyang halaga ng mga sinaunang Pilipino and mga yumao?
- Paano naipakita ang pagiging malikhain ng mga sinaunang Pilipino?



Pag-isipan Natin

Masasabi mo ba na mas malikhain ang mga sinaunang Pilipino kumpara sa mga Pilipino ngayon? Bakit? Bakit hindi?



Gawin Natin

Magsaliksik tungkol ng iba pang sining, kultura, at kaugalian noong sinaunang panahon at maghanap ng katulad nito sa kasalukuyan. Ipakita sa klase ang resulta ng iyong pananaliksik sa isang malikhaing paraan.



Gamitin ang sumusunod na rubrik bilang gabay:

Pamantayan	[25%] Mas Mababa kaysa Inaasahan	[50%] Kailangan pa ng Pagsasanay	[75%] Magaling	[100%] Napakahusay	Marka
Paglalahad ng impormasyon	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay hindi tama	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay tama	Halos lahat ng impormasyong inilahad ay tama	Tama ang mga impormasyong inilahad	
Kasanayan/Husay	Walang kahusayan sa pagguhit o paglikha ng likhang sining	Nagpapakita ng pagnanais na mapaghusay ang kanyang paggawa ng likhang sining	May angking husay sa paggawa; kailangan pa ng kaunting pagsasanay	Nagpapakita ng husay at galing sa paggawa; may sapat na kaalaman o pagsasanay	
Panahon ng Paggawa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa loob ng dalawang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa loob ng isang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining bago pa ang itinakdang petsa ng pagpapasa	
KABUUAN					




Aralin 4

Kagawiang Panlipunan ng mga Sinaunang Pilipino



Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito inaasahan na naipapaliwanag mo ang kagawiang panlipunar mga sinaunang Pilipino.



Ang Laguna Copperplate ebidensiya na mayroon ng pamamaraan sa pagsulat ang mga Pilipino bago pa man dumating ang mga Espanyol.

Bago pa man dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas ay marunog nang magsulat ang mga Pilipino. Patunay nito ang binatbat na tanso na nahanap malapit sa Laguna de Bay na kilala na ngayon sa tawag na *Laguna Copperplate*. Ang wika ay halo ng lumang Malay at lumang Tagalog. Nakasaad sa kasulatan na ito ang pagwawalang-bisa ng utang ng isang mataas na opisyal.

Ano pa kaya ang ibang kagawiang panlipunan ng mga sinaunang Pilipino?



Subukan Natin

Alin sa mga kagawian ng mga sinaunang Pilipino kagawian pa rin hanggang ngayon? Lagyan ng tala (★) kung nakikita mo pa rin ang kagawiang ito sa kasalukuyan at bilog naman (○) kung hindi na.

- _____ 1. pabibigay ng dote o *dowry* sa magulang ng babae bago magpakasal
- _____ 2. pagsusulat at pagbabasa ng karamihan gamit ang baybayin
- _____ 3. pagsasaboy ng bigas sa baong magasawa
- _____ 4. pagiging malapit sa pamilya
- _____ 5. pagpahalaga sa mga nakatatanda.



Pag-aralan Natin

Karunungan ng mga Sinaunang Pilipino

Walang pormal na edukasyon ang mga sinaunang Pilipino. Subalit sila ay **hinasa** at tinuruan ayon sa kinamulang buhay.

Baybayin ang tawag sa alpabetong gamit ng mga sinaunang Pilipino. Ito ay binubuo ng labimpitong titik, tatlong patinig, at labing-apat na katinig.

Ayon kay Padre Pedro Chirino, isang Kastilang mananaliksik at **historyador**, halos lahat ng kalalakihan at kababaihan noon ay marunong bumasa.



Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng sumusunod na mga salita:

- hinasa - tinuruan
- historyador – isang taong bihasa sa kasaysayan
- dote – pagbibigay ng anumang bagay na may halaga sa pamilya ng babae bago ang kasal



Ang **Bothoan**, na matatagpuan sa Panay, ang tanging pormal na pag-aaral noong panahon ng sinaunang Pilipino.

Ancient Forms of the Baybayin

	A	E/I	O/U	ba	ka	da/ra	ga	ha	la	ma	na	nga	pa	sa	ta	wa	ya
Bikol	Ⓜ	Ⓢ	Ⓟ	Ⓞ	Ⓠ	Ⓡ	Ⓢ	Ⓣ	Ⓤ	Ⓥ	Ⓦ	Ⓧ	Ⓨ	Ⓩ	ⓐ	ⓑ	ⓓ
Bisaya	Ⓜ	Ⓢ	Ⓟ	Ⓞ	Ⓠ	Ⓡ	Ⓢ	Ⓣ	Ⓤ	Ⓥ	Ⓦ	Ⓧ	Ⓨ	Ⓩ	ⓐ	ⓑ	ⓓ
Kapampangan	Ⓜ	Ⓢ	Ⓟ	Ⓞ	Ⓠ	Ⓡ	Ⓢ	Ⓣ	Ⓤ	Ⓥ	Ⓦ	Ⓧ	Ⓨ	Ⓩ	ⓐ	ⓑ	ⓓ
Iloko	Ⓜ	Ⓢ	Ⓟ	Ⓞ	Ⓠ	Ⓡ	Ⓢ	Ⓣ	Ⓤ	Ⓥ	Ⓦ	Ⓧ	Ⓨ	Ⓩ	ⓐ	ⓑ	ⓓ
Pangasinan	Ⓜ	Ⓢ	Ⓟ	Ⓞ	Ⓠ	Ⓡ	Ⓢ	Ⓣ	Ⓤ	Ⓥ	Ⓦ	Ⓧ	Ⓨ	Ⓩ	ⓐ	ⓑ	ⓓ
Tagalog	Ⓜ	Ⓢ	Ⓟ	Ⓞ	Ⓠ	Ⓡ	Ⓢ	Ⓣ	Ⓤ	Ⓥ	Ⓦ	Ⓧ	Ⓨ	Ⓩ	ⓐ	ⓑ	ⓓ

The Baybayin Today

	A	E/I	O/U	ba	ka	da/ra	ga	ha	la	ma	na	nga	pa	sa	ta	wa	ya
Buhid (Mindoro)	Ⓜ	Ⓢ	Ⓟ	Ⓞ	Ⓠ	Ⓡ	Ⓢ	Ⓣ	Ⓤ	Ⓥ	Ⓦ	Ⓧ	Ⓨ	Ⓩ	ⓐ	ⓑ	ⓓ
Hununuó (Mindoro)	Ⓜ	Ⓢ	Ⓟ	Ⓞ	Ⓠ	Ⓡ	Ⓢ	Ⓣ	Ⓤ	Ⓥ	Ⓦ	Ⓧ	Ⓨ	Ⓩ	ⓐ	ⓑ	ⓓ
Tagbánuwá (Palawan)	Ⓜ	Ⓢ	Ⓟ	Ⓞ	Ⓠ	Ⓡ	Ⓢ	Ⓣ	Ⓤ	Ⓥ	Ⓦ	Ⓧ	Ⓨ	Ⓩ	ⓐ	ⓑ	ⓓ

Iba't ibang Uri ng Baybayin. Sa ngayon, iilang grupo na lang ng mga Pilipino ang gumagamit ng Baybayin katulad ng mga Hununuo ng Mindoro

(mula sa Wikimedia Commons)

Panliligaw at Kasal

Ang kababaihan ay hinaharana ng kalalakihan. Ang kalalakihan ay nagsisilbi rin sa magulang ng nililigawang babae. Nagbibigay ng **dote** o **dowry** ang kalalakihan bago magpakasal sa pamilya ng babaeng papakasan. Sa pagpapakasal, karaniwang sinasabuyan ang bagong magasawa ng **bigas** para guminhawa ang kanilang buhay.



Isa ang gintong alahas sa karaniwang sa ibinibigay bilang dowry



Ugnayan Sa Pamilya

Ang pagkakaroon ng malapit na ugnayan sa pamilya na sinasabing namana ng mga Pilipino mula sa mga Tsino. Dito makikita na may pagdadamayang ng bawat miyembro ng pamilya at pagtutulungan sa panahon ng krisis.

Ang mga Pilipino ay likas na mapagmahal at mapagpahalaga sa mga magulang at nakatatanda. Pinalalaki ng mga magulang ang mga anak nila na may pagpapahalaga sa pamilya at pagkakaroon ng mabuting asal. Hanggang sa pag-aasawa ay may mga kaugaliang naging tradisyon gaya ng paninilbihan.



Suriin Natin

A. Ayusin ang pagkasunod-sunod ng mga titik sa kahon upang maisulat ang wastong sagot.

IYYBAABN	ISBAG
NBTOOAH	TDOE
IRCNHOI	

- _____ 1. Alpabetong gamit ng mga sinaunang Pilipino.
- _____ 2. Ito ay sinasaboy sa magasawa sa kasal upang magbigay ginhawa.
- _____ 3. Ang tanging pormal na pag-aaral noong unang panahon.
- _____ 4. Ang binibigay ng lalaki sa pamilya ng babae bago magpakasal.
- _____ 5. Pangalan ng Kastilang mananaliksik at historyador na nagsabing halos lahat ng mga sinaunang Pilipino ay marunong magbasa at magsulat.



**B. Lima lamang sa mga pangungusap na ito ang tama.
Ano-ano ang mga ito? Piliin at bilugan ang mga ito.**

- a. Ang mga sinaunang Pilipino ay may malapit na ugnayan sa kanilang pamilya.
- b. Nagbibigay ng bigay kaya kahit ang mga malalayong kamag-anak ng lalaki sa babae bago sila ikasal.
- c. Marunong nang magbasa ang mga sinaunang Pilipino bago pa man dumating ang mga Kastila.
- d. Ang Baybayin ay binubuo ng lambing pitong titik.
- e. Ang Botongan sa Panay ay tanging pormal na pag-aaral noong panahon ng sinaunang Pilipino.
- f. Pinagsisilbihan ng mga lalaki ang magulang ng nililigawang babae bago magpakasal.
- g. Ang tanging pormal na paaralan noong panahon ng sinaunang Pilipino ay nasa Panay.
- h. Kailangang kasama ang magulang ng babae kapag siya ay hinaharanahan ng lalaki.



Sagutin Natin

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang tawag sa alpabetong gamit ng mga sinaunang Pilipino?
2. Ano ang sinisimbolo ng bigas sa mga ikinakasal?
3. Anong klaseng ugnayan mayroon ang pamilya ng mga Pilipino?



Pag-isipan Natin

Mayroon din bang mga kaugalian ang mga sinaunang Pilipino na kapansin-pansin pa rin ngayon?



Gawin Natin

Magsaliksik tungkol sa iba pang sinaunang kaugalian na likas lang sa ating mga Pilipino. Maghanap ng isang halimbawa at ilarawan ito sa gamit ng isang maikling komiks.

Gamitin ang sumusunod na rubrik bilang gabay:

Pamantayan	[25%] Mas Mababa kaysa Inaasahan	[50%] Kailangan pa ng Pagsasanay	[75%] Magaling	[100%] Napakahusay	Marka
Paglalahad ng impormasyon	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay hindi tama	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay tama	Halos lahat ng impormasyong inilahad ay tama	Tama ang mga impormasyong inilahad	
Kasanayan/Husay	Walang kahusayan sa pagguhit o paglikha ng likhang sining	Nagpapakita ng pagnanais na mapaghusay ang kanyang paggawa ng likhang sining	May angking husay sa paggawa; kailangan pa ng kaunting pagsasanay	Nagpapakita ng husay at galing sa paggawa; may sapat na kaalaman o pagsasanay	
Panahon ng Paggawa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa loob ng dalawang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa loob ng isang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining bago pa ang itinakdang petsa ng pagpapasa	
KABUUAN					

**Aralin 5****Paglaganap ng Islam sa Pilipinas****Layunin Natin**

Pagkatapos ng araling ito inaasahan na naipaliliwanag mo ang paglaganap ng Islam sa Pilipinas.



Mosque sa Lungsod ng Marawi

Bago pa man dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas ay mayroon ng sariling kasarinlan, pamahalaan, at kultura ang mga Muslim sa Mindanao. Sa ilang siglo ng pananakop ng mga dayuhan sa Pilipinas ay sila lamang ang matagumpay na nakipaglaban para panatilihin ang kanilang kasarinlan. Sa araling ito ay matutunan natin ang simula at paglaganap ng Islam sa Pilipinas na siyang naging mahalagang bahagi ng kasaysayan at kultura ng Mindanao.



Subukan Natin

Pagtambalin ang larawan ng mga sagrado at mahahalagang bahagi ng pananampalatayang Islam sa Hanay A sa kanilang pangalan sa Hanay B.

Hanay A

1.



2.



3.



4.



Hanay B

a. itim na bato

b. Moske

c. Kabala

d. Qu'ran



Pag-aralan Natin

Taong 1380 nang dumating sa Pilipinas si **Sharif Karim ul-Makdum**, isang Arabong Muslim na nakapaglibot na ng India, Indonesia, at Malaysia. Siya ay nagtatag ng isang pamayanang Muslim sa Tawi-tawi.

Sinundan siya ni **Raja Baguinda** mula sa Sumatra at siyang nagpatuloy ng Islam noong 1390. Isang prinsesa ang napangasawa niya at naging pinuno ng Buansa. Sumunod dito si **Sharif ul-Hashim Abu Bakar**. Dumating si ul-Hashim sa Sulu noong 1450 at napangasawa si Paramisuli, na anak ni Raja Baguinda. Si ul-Hashim ang unang naging pinunong Muslim sa Sulu at nagtatag ng pamahalaang Sultanato.



Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng sumusunod na mga salita:

- propeta – tao na biniyayaan ng Diyos na ituro ang kanyang kagustuhan at kaloobon
- pananampalataya – paniniwala at pagsasamba sa diyos
- pook-sambahan – sagradong lugar kung saan ginagawa ang pananampalataya
- taimtim – malalim o matindi



Ang Moske ng Sheik Karim al Makdum sa Simunul, Tawi-tawi ang unang moske sa Pilipinas.



Kapayapaan ang kahulugan ng salitang Islam na nagmula sa salitang Arabo. Ang **propetang** nagtatag ng relihiyong Islam ay si **Mohammed**. Ang Diyos na kinikilala nila ay si **Allah** at **Muslim** ang tawag sa may ganitong **pananampalataya**. **Moske** ang tawag sa kanilang **pook-sambahan** at **Koran** (*Qur'an*) ang tawag sa banal na aklat ng mga Muslim.

Mahalagang pag-aralan at sundin ng isang Muslim ang mga paniniwala sa sumusunod: si Allah bilang Panginoon, si Mohammed bilang sugo ni Allah, Koran ang kasulatan pahayag ng Panginoon, paniniwala sa mga anghel, at paniniwala sa araw ng paghuhukom.

Bahagi ng dapat matutuhan ng bawat Muslim ang limang haligi ng Islam:

1. **Shahadah** – **Taimtim** na pagpapahayag ng paniniwala at pagsamba kay Allah bilang iisang Diyos
2. **Salat** – Limang beses na pagdarasal araw-araw at sama-samang pagsamba sa araw ng Biyernes sa kanilang Moske kung saan ay makikinig sila sa sermon o **rhutba** ng kanilang **imam** o pinakamataas na paring Muslim.
3. **Zakat** – Ang pagbibigay ng mga Muslim ng limos para sa mga kapwa Muslim na nangangailangan.
4. **Sawm** – Ang pag-aayuno sa panahon ng Ramadan, sa loob ng 29-30 araw. Ang Ramadan ang pinakabanal na pagdiriwang sa mga Muslim. Mahigpit na ipinagbabawal sa ganitong panahon ang pagsasaya, paggawa ng mabigat na trabaho, paninirang puri, pagsisinungaling, at anumang bisyo.
5. **Hajj** – Ang paglalakbay ng isang Muslim sa lungsod ng Mecca kahit minsan lang sa kanilang buhay. Sa loob ng Mecca naroroon ang **Ka'aba** o ang pinakasagradong dambana ng mga Muslim. Dito rin matatagpuan ang **Itim na Bato** na inaasam na mahawakan ng mga manlalakbay. **Hadji** ang itinatawag sa sinumang Muslim na nakarating na sa Mecca.



Nakapaloob sa lalagyang pilak na ito ang itim na bato. Pinaniniwalan nila si Mohammed mismo ang naglagay ng batong ito sa kaaba
(kuha ni mickeytymoc [CC BY 2.0] mula sa Wikimedia Commons)



Suriin Natin

Isulat sa patlang ang tamang sagot sa bawat bilang.

- _____ 1. Sino ang unang nagtatag ng pamayanang Muslim sa Pilipinas?
- _____ 2. Sino ang nagtatag ng pamahalaang Sultanato sa Sulu?
- _____ 3. Ito ang tawag sa pook-sambahan ng mga Muslim?
- _____ 4. Ano ang tawag sa taimtim na pagpapahayag ng paniniwala at pagsamba kay Allah bilang nag-iisang Diyos?
- _____ 5. Ano ang tawag sa pagbibigay ng mga Muslim ng limos sa mga kapwang Muslim na nangangailangan?
- _____ 6. Ito ang tawag sa paglalakbay ng isang Muslim sa lungsod ng Mecca.
- _____ 7. Ano ang tawag sa pinakamataas na paring Muslim?
- _____ 8-9. Anong ang dalawang paniniwala ng Islam na mayroon din sa panampalatayang Katoliko?
- _____ 10. Sa anong paraan nagkaroon ng kapangyarihan si Raja Baguinda sa bansa?



Sagutin Natin

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Sino-sino ang nagpalaganap ng relihyong Islam sa Pilipinas?
2. Ano kahulugan ng 'Islam'?
3. Ano ang tawag sa banal na aklat ng mga Muslim?



Pag-isipan Natin

Bakit madaling tinanggap ang relihiyong Islam sa katimugang bahagi ng Pilipinas?



Gawin Natin

Magsaliksik tungkol sa lipunang mayroon ang mga lugar kung saan unang lumaganap ang Islam sa Pilipinas. Ilarawan ang uri ng lipunan na mayroon sila sa pamamagitan ng isang *diorama*.

Gamitin ang sumusunod na rubrik bilang gabay:

Pamantayan	[25%] Mas Mababa kaysa Inaasahan	[50%] Kailangan pa ng Pagsasanay	[75%] Magaling	[100%] Napakahusay	Marka
Paglalahad ng impormasyon	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay hindi tama	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay tama	Halos lahat ng impormasyong inilahad ay tama	Tama ang mga impormasyong inilahad	
Kasanayan/Husay	Walang kahusayan sa pagguhit o paglikha ng likhang sining	Nagpapakita ng pagnanais na mapaghusay ang kanyang paggawa ng likhang sining	May angking husay sa paggawa; kailangan pa ng kaunting pagsasanay	Nagpapakita ng husay at galing sa paggawa; may sapat na kaalaman o pagsasanay	
Panahon ng Paggawa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa loob ng dalawang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa loob ng isang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining bago pa ang itinakdang petsa ng pagpapasa	
KABUUAN					

**Aralin 6**

Kontribusyon ng Sinaunang Kabihasan sa Pagkabuo ng Lipunan at Pagkakakilanlang Pilipino



Layunin Natin

Napapahalagahan ang kontribusyon ng sinaunang kabihasan sa pagkabuo ng lipunan at pagkakakilanlang Pilipino.



Iba't ibang larawan ng mga Pilipino mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan
(Ang larawan sa kanan ay mula kay Dr. Rainer Neu [CC BY-SA 3.0] mula sa Wikimedia Commons)

Ilang siglo man ang lumipas at ilang pananakop man ang ating naranasan sa ilalim ng mga dayuhan ay hindi pa rin maiaalis ang kontribusyon ng sinaunang kabihasan sa ating pagka-Pilipino.

Ano kaya ang mga halimbawa ng kontribusyon ng sinaunang kabihasan sa pagkabuo ng lipunan at pagkakakilanlang Pilipino?



Subukan Natin

Iguhit ang 😊 sa kahon kung ang larawan ay nagpapakita ng kontribusyon ng sinaunang kabihasan. Kung hindi, iguhit ang ☹️.



1. BARANGAY



2. PANCIT



3. PAGHAHABI



4. BANDURRIA



Pag-aralan Natin

Taliwas sa mga naging pahayag ng mga Espanyol, ang mga sinaunang Pilipino ay may sarili ng kultura at kasarinlan bago pa man sila dumuong sa dalampasigan nito.

Ang sumusunod ilan lamang sa mga kontribusyon ng sinaunang Pilipino sa ating kasalukuyang lipunan:

- **Barangay** – Ang salitang barangay ay nagmula sa sinaunang salita na balanghai. Ang sistemang ito ay pinamumunuan ng datu at bawat lipunan ay binubuo ng 30-100 pamilya.

Sa ngayon, barangay pa rin ang tawag sa pinakamaliit ng yunit ng lokal na pamahalaan. Ang barangay ang may direktang ugnayan sa mga mamamayang Pilipino at siyang unang nagbibigay serbisyo sa mga pangangailangan ng mga mamamayan nito.



Tanggapan ng isang barangay sa Iloilo
(kuha ni Iloilo Wanderer mula sa Wikimedia Commons)



Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng salita:

- pagsusulit – isang proseso o paraan ng pagsukat ng nalalaman ng isang tao



- **Sultanato** – Ito ay sistema ng pamamahala na ang pinuno ay sumasakop sa isang malawak na teritoryo na pinamumunuan ng isang sultan. Ang isa sa ginamit na gabay ng pamahalaang ito ay ang batas *Sharia* (*Qur'anic Law*). Sa kasalukuyan ay ipinapatupad pa rin ang Sharia sa ilang bahagi ng Mindanao. Mayroon din **pagsusulit** para sa mga nagnanais na maging bihasa at maging abogado ng *Sharia*.
- **Musika** – Mga instrumento tulad ng kudyapi, gangsa, alpa na yari sa kawayan, biyolin na yari sa kawayan abakang kuwerdas, kulintang, bansik, at kalelang. Ang mga instrument na ito, bagama't hindi na kasing kilala kung ihahambing sa mga kanluraning instrumento, ay pinapanatili pa ring buhay ng ilang katutubong Pilipino at mga pangkat na nasa akademya.
- **Sayaw** – Katutubong sayaw na sadyang sa Pilipino lamang tulad ng balitaw, kuntang, subli, dandansoy, maglalatik, itik-itik, singkil at ang tinikling. Upang mapanatiling buhay ang mga katutubong sayaw na ito, itinuturo ang ilan sa mga mag-aaral sa elementary hanggang kolehiyo.




Mga mag-aaral sa kolehiyo sa Estados Unidos na sumasayaw ng singkil

(CC BY-SA 2.5 mula sa Wikimedia Commons)



- **Awitin** – Mga awiting tulad ng awit ng kasiyahan na diona, may awit talindaw kapag namamangka, awit ihiman kapag may ikinakasal, awit tigpasin sa pag-aani. Kapag malungkot naman at may namamatay ay awit ng tagulalay o umbaya. Kumintang ang awit sa pag-ibig at dipayunin at hilaraw sa paglalakad sa lansangan.
- **Panitikan** – Bugtong ang libangan sa mga kasayahan. Isa itong palaisipan na tutukoy sa mga bagay na pinapahulaan. Ang mga kuwentong pinagmulan naman ng isang bagay o lugar ay tinatawag na alamat. Dulaan naman ang madalas na itinatanghal sa tahanan ng mga maharlika. Marami ring epikong kuwento sa mga kabayanihan ng mga sinaunang Pilipino gaya ng Hudhud at Alim ng Ifugao, Biag ni Lam-ang ng mga Ilokano, Ibalon ng mga Bicolano, Hinilawod ng mga taga Panay, Bantugan ng mga Maranaw, at Indarapatra at Sulayman ng mga taga Maguinadanao.
- **Sining** – Sa **pag-ukit** naman ay nakilala ang mga sinaunang Pilipino sa sining ng okir-*datu* o okir sa halimbawa ng sikat na sarimanok ng mga Muslim. Ang pagpinta sa katawan o tattoo ay isa ring obra sa ng mga sinaunang Pilipino. Kasama rin ang sining ng paggawa ng disenyo sa paghahabi. Marami sa mga disenyong katutubo ay ginagamit ng ilang mga negosyante para sa kanilang produkto tulad ng *bag*, sapatos, damit, at iba pa. Ngunit mayroong ibang negosyante na nang-aangkop lamang ng disenyo ng walang pahintulot at ibinabalik sa mga katutubo na nagmamay-ari ng mga disenyong ito.
- **Kaugaliang Pilipino** – Ang pagkakaroon ng *close family ties* kung saan makikita na may pagdadamayan sa bawat miyembro ng pamilya at handang magtulungan sa panahon ng krisis. Gayundin ang pagmamahal at mapagpahalaga sa mga magulang at nakatatanda.



Lalaking kabilang sa tribu ng Bontoc sa Cordillera

(CC BY-SA 2.5 mula sa Wikimedia Commons)



Suriin Natin

Magtala ng limang kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnang Pilipino sa lipunan ngayon at ilarawan ito gamit ng hindi hihigit sa dalawang pangugusap. Bawat bilang ay may dalawang puntos.

Kontribusyon	Paglalarawan o Halimbawa
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	



Sagutin Natin

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang sistema ng pamamahala ng mga sinaunang Pilipino ang ginagamit pa rin ng modernong lipunan?
2. Ano ang halimbawa ng sining ng sinaunang Pilipino sa larangan ng pagukit ang makikita pa rin hanggang ngayon?
3. Ano ang kaugaliang Pilipino na may kinalaman sa pakikitungo sa pamilya ang naipapamalas pa rin hanggang ngayon?



Pag-isipan Natin

Paano napanatili ang mga kontribusyon ng mga sinaunang Pilipino sa kabila ng pagdating ng mga mananakop?



Gawin Natin

Gumawa ng isang *collage* na nagpapakita ng iba't ibang kontribusyon ng mga sinaunang Pilipino sa ating lipunan.

Gamitin ang sumusunod na rubrik bilang gabay:

Pamantayan	[25%] Mas Mababa kaysa Inaasahan	[50%] Kailangan pa ng Pagsasanay	[75%] Magaling	[100%] Napakahusay	Marka
Paglalahad ng impormasyon	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay hindi tama	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay tama	Halos lahat ng impormasyong inilahad ay tama	Tama ang mga impormasyong inilahad	
Kasanayan/Husay	Walang kahusayan sa pagguhit o paglikha ng likhang sining	Nagpapakita ng pagnanais na mapaghusay ang kanyang paggawa ng likhang sining	May angking husay sa paggawa; kailangan pa ng kaunting pagsasanay	Nagpapakita ng husay at galing sa paggawa; may sapat na kaalaman o pagsasanay	
Panahon ng Paggawa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa loob ng dalawang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa loob ng isang linggo matapos ang itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining sa itinakdang petsa ng pagpapasa	Nakapagpasa ng kanyang likhang sining bago pa ang itinakdang petsa ng pagpapasa	
KABUUAN					



Karagdagang Kaalaman

Hindi ba mas mainam kung nakikita mo nang malapitan ang mga kagamitan o kaugalian na ating tinalakay sa mga nakaraang aralin?

Sa kabutihang palad, kahit ilang daang taon na ang nakapalipas ay mayroon pa ring pisikal na bakas o ebidensiya na naiwan ang mga sinaunang Pilipino. Mayroon ding mga kagamitang galing sa mga katutubo na hanggang ngayon ay isinasabuhay pa rin ang mga tradisyon ng mga sinaunang Pilipino. Makikita mo ito sa mga museo na nakakalat sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Tanungin lamang ang iyong guro kung saan ang pinakamalapit na museo sa inyong lugar. Isang halimbawa ng ganitong museo ay ang Museo Kordilyera na nasa Unibersidad ng Pilipinas sa Baguio.



Museo-Kordilyera sa UP Baguio

Sa susunod na bakasyon o punta sa Baguio ay bigyang ng oras ang pagbisita sa museo na ito. Makikita dito ang iba't ibang eksibit na nagpapakit ng mga kultura at kinagawian ng mga katutubo sa Kordilyera



Pagyamanin Natin

Bumuo ng isang grupo ng may anim na miyembro. Bawat miyembro ay mamimili ng isang sayaw na sasaliksikin at pag-aaralan. Ang ilang sayaw na maaring pagpilian ay ang salip (mula sa Kalinga), dugso (Bukidnon), kadal taho (timog Cotabato), singkil (Maranao), Manerwap (Bontoc), kapa malong malong (Maranao), banga (Kalinga), binaylan banog (Misamis Oriental) at taretek (Benguet). Maari pang mamili ng ibang sayaw na mula sa sinaunang Pilipinas na wala sa listahang ito. Itanghal sa klase ang sayaw.

Matapos ang pagtatanghal, sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang pagkakaiba ng mga sayaw na inyong napanood?
2. Ano ang pagkakaiba ng mga sayaw na inyong napanood?
3. Ano ang natutunan ninyo mula sa kultura ng lugar kung saan kaugaliang itanghal ang sayaw na inyong napili?

Gamitin ang sumusunod na rubrik bilang gabay:


Pamantayan	[25%] Mas Mababa kaysa Inaasahan	[50%] Kailangan pa ng Pagsasanay	[75%] Magaling	[100%] Napakahusay	Marka
Paglalahad ng impormasyon	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay hindi tama	Karamihan sa mga impormasyong inilahad ay tama	Halos lahat ng impormasyong inilahad ay tama	Tama ang mga impormasyong inilahad	
Kooperasyon ng mga Kasapi ng Pangkat	Hindi nagtutulungan ang mga kasapi para sa kanilang gagawing	Ang mga kasapi ay may kani-kaniyang ideya at hindi magkasundo sa dapat nilang gawin	Ang mga kasapi ay tumatanggap ng ideya nang hindi nagbibigay ng negatibong	Ang mga kasapi ay tumatanggap ng ideya ng isa't isa at nagkakasundo as dapat gawin	



	pagtatanghal at isang tao lamang ang gumagawa para sa pagtatanghal	Ilang kasapi lamang ang nag-aambag para sa pagtatanghal	komento at sinusubukang magkasundo sa dapat gawin at karamihan sa mga kasapi ay nagbibigay ng ambag sa pagbuo ng presentasyon/skit/pagtatanghal	at lahat ng kasapi ay may ambag sa pagbuo ng presentasyon/skit/pagtatanghal	
Pagtatanghal	Hindi halos nakikinig/nano nood ang mga manonood Maraming pagkakataon na bumubulong at hindi naririnig Hindi gumagamit ng angkop na galaw o kilos; o hindi masyadong gumagalaw	Sinusubukang makuha ang interes ng mga manonood Hindi masyadong marinig sa ilang pagkakataon Gumagamit ng angkop na galaw at kilos sa ilang pagkakataon	Nakukuha ang interes ng mga manonood Nagsasalita sa paraang naririnig ng mga manonood Gumagamit ng angkop na galaw at kilos sa maraming pagkakataon	Nakakaaliw at nakukuha ang interes ng mga manonood Nagsasalita nang malakas at malinaw Gumagamit ng angkop na galaw at kilos	
KABUUAN					



Paglalagom



DAPAT TANDAAN

- Dalawa ang sistema ng pamahalaan ang naitatag ng mga sinaunang Pilipino: ang **barangay** at ang sistemang **sultanato**.
- Ang iba't ibang antas ng lipunan ay: **maharlika**, **timawa** o malaya, at alipin.
- Dalawa ang klase ng mga alipin: ang aliping **namamahay** at aliping **saguigilid**
- Pagsasaka, pagtatanim, pangingsda, paninisid, pagmimina, at pakikipagkalakalan ang pangunahing kabuhayan ng mga sinaunang Pilipino.
- Ang sistemang **barter** ay ang palitan ng produkto sa produkto, ani sa ani. Ang mga alagang hayop at aliping saguiguilid ay maaring gamiting pambayad.
- Ang mga sinaunang Pilipino ay nakipagkalakal sa Vietnam, Tsina, Arabo, India, at Hapon.



DAPAT TANDAAN

- Ang mga sinaunang Pilipino ay sumasamba sa kinikilalang pinakamataas na Diyos na si **Bathala** na siyang pinaniniwalaan nilang gumawa ng buong daigdig at mga tao.
- Ang mga sinaunang Pilipino ay naniniwala sa **paganismo**.
- **Baybayin** ang tawag sa alpabetong gamit ng mga sinaunang Pilipino. Ito ay binubuo ng labimpitong titik, tatlong patinig at labing-apat na katinig.
- Ang paglaganap ng relihiyong Islam ay bunga ng kalakalang Arabo-Pilipino. Kapayapaan ang kahulugan ng salitang **Islam** na nagmula sa salitang Arabo.



Dagdag Sanggunian

Ang sumusunod na *link* ay maaaring tingnan para sa karagdagang impormasyon o mas malalim na pagtalakay:

- Igorot Ifugao *Courtship Dance and Salidumay* ni DKK ni Joanna Lerio (<https://www.youtube.com/watch?v=sFDUs9fnbSk>)
- Igorot Ifugao Traditional *Dance by Elder Women* ni Joanna Lerio (<https://www.youtube.com/watch?v=qha0Rs-yrbU>)
- The First Voyage Round the World ni Antonio Pigafetta, isinalin ni *Lord Stanley of Alderly* (https://en.wikisource.org/wiki/The_First_Voyage_Round_the_World/Pigafetta%27s_Account_of_Magellan%27s_Voyage)



Gabay sa Pagwawasto

Aralin 1: Organisasyong Panlipunan ng mga Sinaunang Pilipino

Subukan Natin

Mula sa ibabaw ng tatsulok, pababa:

Maharlika

Timawa

Alipin namamahay

Alipin saguigilid

Suriin Natin

1. balanghai
2. Bukas
3. Datu
4. buong proseso
5. kalikasan
6. Sharia
7. pagkakaisa at ugnayan
8. anak na babae
9. babaylan
10. alipin

Aralin 2: Kabuhayan ng mga Sinaunang Pilipino

Subukan Natin

Sinaunang Pilipino

perlas

gintong alahas

korales

tuba

Mga Dayuhan

alpombra

sutlang tela

salamin

porselana

**Suriin Natin**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Mali
5. Mali
6. Tama
7. Tama
8. Tama
9. Tama
10. Mali

Aralin 3: Kultura ng mga Sinaunang Pilipino**Subukan Natin**

1. gangsa
2. tapayan
3. kulintang
4. sarimanok

Suriin Natin

1. a
2. b
3. a
4. a
5. c
6. a
7. b
8. a
9. b
10. d



Aralin 4: Kagawiang Panlipunan ng mga Sinaunang Pilipino

Subukan Natin

1. ○
2. ○
3. ★
4. ★
5. ★

Suriin Natin

- A.
1. baybayin
 2. bigas
 3. bothoan
 4. dote
 5. Chirino
- B. a, d, f, g

Aralin 5: Paglalaganap ng Islam sa Pilipinas

Subukan Natin

1. b
2. d
3. a
4. c

Suriin Natin

Maaring magkapalit ang sagot sa bilang walo at siyam.

1. Sharif Karim ul-Makdum
2. Sharif ul-Hashim Abu Bakar
3. Moske
4. Shahadah
5. Zakat
6. Hadji



7. Imam
8. paniniwala sa anghel
9. paniniwala sa araw ng paghukom
10. sa pamamagitan ng pagpapakasal sa isang prinsesa

Aralin 6: Kontribusyon ng Sinaunang Kabihasan sa Pagkabuo ng Lipunan at Pagkakakilanlang Pilipino

Subukan Natin

1. 😊
2. 😞
3. 😊
4. 😞

Suriin Natin

Walang tamang pagkakasunod-sunod. Maaaring magkakaiba ang pagkakasunod-sunod.

- Barangay – Sa ngayon, barangay ang tawag sa pinakamaliit ng yunit ng lokal na pamahalaan
- Musika – Mga instrumento tulad ng kudyapi, gangsa, alpa na yari sa kawayan, biyolin na yari sa kawayan abakang kuwerdas, kulintang, bansik, at kalelang
- Sayaw – Katutubong sayaw na sadyang sa Pilipino lamang tulad ng balitaw, kuntang, subli, dandansoy, maglalatik, itik-itik, singkil at ang tinikling.
- Awitin – Mga awiting tulad ng awit ng kasiyahan na diona, may awit talindaw kapag namamangka, awit ihiman kapag may ikinakasal, awit tigpasin sa pag-aani.
- Sining – Sa pag-ukit naman ay nakilala ang mga sinaunang Pilipino sa sining ng okir-a-datu o okir sa halimbawa ng sikat na sarimanok ng mga Muslim.
- Sultanato – Ito ay sistema ng pamamahala na ang pinuno ay sumasakop sa isang malawak na teritoryo na pinamumunuan ng isang sultan
- Panitikan – Bugtong ang libangan sa mga kasayahan. Isa itong palaisipan na tutukoy sa mga bagay na pinapahulaan.
- Kaugaliang Pilipino – Ang pagkakaroon ng *close family ties* kung saan makikita na may pagdadamay sa bawat miyembro ng pamilya at handang magtulungan sa panahon ng krisis



Sanggunian

- Amores-Salvador, A. at Martin, M. Reviving an Ifugao 'mumbaki' ritual. Philippine Daily Inquirer. Nahanap mula sa <http://newsinfo.inquirer.net/622409/reviving-an-ifugao-mumbaki-ritual>
- Bosales, M. *Lahing Kayumanggi: HEKASI*. Quezon City: The Library Publishing House, Inc., 2012.
- Molave, A. . *Philippine History: A Quest for Freedom, Identity, and Progress*. Quezon City: Sibs Publishing House, Inc., 2014.
- Ocampo, A. 'Bulul' and Filipino identity. Philippine Daily Inquirer. Nahanap mula sa <http://opinion.inquirer.net/92955/bulul-and-filipino-identity>
- Ocampo, A. *Looking Back 6: Prehistoric Philippines*. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc., 2012.
- Palu-ay, A. *Makabayan: Kasaysayang Pilipino*. Quezon City: LG&M, 2006.
- Postma, Antoon. "The Laguna copper-plate inscription: text and commentary." *Philippine Studies* 40, no. 2 (1992): 183-203.
- Rama, M. DC., et.al. *Pilipinas Isang Sulyap At Pagyakap*. Makati: EdCrisch International Inc., 2006.